

ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 19

Oktubre 7, 2004

www.philippinerevolution.org

Editorial

Paiigtingin ng Bagong Hukbong Bayan ang mga armadong opensiba

Ilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang paparaming mga armadong opensiba laban sa rehimeng US-Arroyo. Ito ang sagot ng BHB sa panawagan ng Komite Sentral na paigtingin ang armadong rebolusyon bilang tugon sa walang kapantay na krisis na kinasasadalanan ngayon ng bansa.

Ito rin ang

tugon ng BHB sa mahigpit na kahilingan ng mamamayan na parusahan ang rehimeng Arroyo.

Mismong ang rehimeng US-Arroyo ang nagtutulak sa mamamayan sa landas ng rebolusyon. Walang hangganang pagpapakatuta nito sa imperyalismong US. Masugid nitong ipinatutupad ang pinaka-masasahol na patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon.

Kasabwat ito ng malaking dayuhang korporasyon na tuluy-tuloy na pumipiga ng supertubo mula sa naghihirap na mamamayan. Inilalantad nito ang sari-ling baho at kabulukan sa walang tigil na girian sa kanilang hanay at serye ng nabubunyag na mga anomalya at kurakutan. Hangal nitong sinusuportahan ang imperyalistang agresyon at bukambibig nito ang litanyang "gera kontraterorismo" ng US upang bigyang-katwiran ang pasistang pananalakay nito sa mamamayan at imbitahan ang panghihimasok ng US sa bansa.

Tiyak ang paglakas ng kilusang masa ng mamamayang wala nang masusulingan kundi ang kumilos at lumaban. Yayanigin nito sa kaibuturan ang dati nang mabuway na paghahari ng rehimeng US-Arroyo. Kasabay nito, maglulunsad ng paparami, papatindi at mas madalas na mga taktikal na opensiba ang BHB bilang suporta sa paghihiwalay at pagpapabagsak ng rehimen.

Palalawakin at paiigtingin nito ang pakikidigmang gerilya upang abutin ang mas maraming distrito



Mga tampok sa isyung ito...

Arturo Tabara, pusakal na kriminal at kontrarebolusyonaryo

PAHINA 3

Dahas at panlilinlang, katambal ng pagmimina sa Samar

PAHINA 5

Pagbabayaran ni Bush ang gera sa Iraq

PAHINA 9



at munisipalidad, batakin ang armadong pwersa ng kaaway sa mas maraming bahagi ng bansa at pahinain ang kapit nito sa mga estratehikong larangang gerilya na kinokonsentrahan ngayon ng AFP.

Makailang beses nang napaturuan ang epektibidad ng kombinasyon ng malalaking demonstrasyon at paglakas ng mga armadong opensiba sa pagpabilis ng pagbagsak ng nakaupong rehimens. Hindi nito maibabagsak ang buong sistema ngunit palalawakin at patatatagin nito ang demokratiko at rebolusyonaryong kilusang tuluy-tuloy na kikilos at lalaban sa naghaharing sistema hanggang sa tagumpay.

Ang paglulunsad ng digmang bayan sa balangkas ng bagong demokratikong rebolusyon ang pinakamaaasahan at pinakaepektibong paraan ng paglutas sa krisis. Sa tagumpay lamang nito maipatutupad ang mga batayang patakaran magwawakas sa paghahari ng imperyalismong US at ng lokal na malalaking burukrata-kapitalista at panginoong maylupa sa bansa. **AB**

Abusadong yunit ng AFP, pinarusahan ng BHB sa Cagayan

MATINDING parusa ang iginawad ng Henry Abraham Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Cagayan sa abusadong 17th IB nitong Setyembre 30. Ayon sa pahayag ni Salvador del Pueblo, tagapagsalita ng National Democratic Front sa Northeastern Luzon, pitong tropa ng kaaway ang namatay at anim ang nasugatan sa pananambang na inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa Sityo Ladac, Caruppian, Baggao. Nakasamsam ang BHB ng dalawang M14, dalawang M16, mga kagamitang pangkomunikasyon at iba pang gamit pandigma at mga dokumentong may mataas na halaga sa paniktik.

Ang mga inambus na tropa ay kabilang sa laking-brigadang Operation Phantom na tatlong buwan nang naglulunsad ng *strike operations* sa mga bayan ng Baggao, Gattaran at Alcala.

Malaon nang hinihiling ng masa na parusahan ang 17th IB dahil sangkot ito sa mga kaso ng pananalbeyds, panunupil at pananakot sa mga magsasaka, sapilitang pagpapagiya sa mga menor de edad sa mga operasyong militar, pamiminsala sa mga sakahan at pagnanakaw ng mga alagang hayop ng mga magsasaka.

Pagkatapos ng labanan, nilapatan ng BHB ng paunang lunas ang mga sugatang tropa ng kaaway na sumuko o nasukol na at wala nang kakayahang lumaban.

Mga sundalo, tinambangan sa Zamboanga Sibuguey

TATLONG elemento ng 38th Special Forces Company ng Philippine Army ang namatay nang ambusin sila ng isang yunit ng Wilson Feliciano Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Western Mindanao noong Setyembre 29. Inilunsad ang ambus sa Barangay Peñaranda, Kabasalan, Zamboanga Sibuguey. Kabilang ang mga sundalo sa 13-kataong iskwad na nagpapatruya bandang alas-8 ng umaga. Di rin mabilang ang dami ng mga sugatang kaaway samantalang wala ni isang kaswalting natamo ang BHB.

Ayon sa pahayag ni Ismael Marte, tagapagsalita ng PKP-BHB sa rehiyon, umabot hanggang 9:15 ng umaga ang labanan na naganap malapit lang sa isang detatsment ng AFP. Ang mga inambus na tropa ay kabilang din sa *maneuver force* ng 102nd Infantry Brigade.

Isang patay at isang sugatan lamang ang inaming kaswalti ng 102nd Bde. Subalit pinagkakanyon naman ang mga komunidad ng mga sibilyan sa bulubunduking bahagi ng Barangay Diampak na pinaniniwalaan nilang balwarte ng BHB.

Mariing binatikos ni Marte ang panganganyon bilang lantarang paglabag sa CARHRIHL at mga pandaigdigang alituntunin ng digma. **AB**

Nilalaman

Editoryal	1
Mga taktikal na opensiba	2
Tabara, kriminal at kontra-rebolusyonaryo	3
Pasisiastang dahas at panlilinlang, katambal ng pagmimina sa Samar	5
Malawalang tanggulan sa Hacienda Luisita, nilalabanan	6
Laganap na gutom	7
GSIS: Pataliskin si Winston Garcia	8
Pagbabayaran ni Bush ang gera sa Iraq	9
Balita	10



Taon XXXV Blg. 19 Oktubre 7, 2004

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Detenidong gerilya, iniligtas ng BHB

MATAGUMPAY na nailigtas ng Ka Jovan, Guimbaolibot Red Partisan Brigade ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) si Jordan Donillo (Ka Jovan) sa isang 10-minutong operasyon noong Setyembre 30, bandang alas-8:30 ng umaga sa Km. 74, Mawab, Compostela Valley.

Si Ka Jovan, kasama ang apat pang detenido ay lulan ng sasakyang Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) na patungong bayan ng Nabunturan at gwardyado ng apat na tauhan ng PNP/BJMP nang ilunsad ang operasyong pagliligtas.

Pinahinto ng mga Pulang partisano ang sasakyang nang hindi ito tumigil ay napilitan silang paputukan ito. Nasugatan ang mga gwardya at nakumpiskahan sila ng tatlong pistolang 9 mm, isang .45, isang *shotgun* at isang radyong VHF.

Patakaran at praktika ng BHB ang paghahanap at pagsagpang sa anumang pagkakataon para maiilitas ang sinumang kasama mula sa mga manonortyur at mamamatay-taong militar at mula sa bulok na sistema ng hustisyang kontrolado ng mga reaksyunaryo. Kaiba ito sa patakaran ng AFP at PNP na nagpapahalaga lamang sa kapakanan ng nabibihag na upisyal at nagpapabaya sa iba pa.

Para pagtakpan ang kanilang kahihiyan, inimbento ng PNP ang kwento na dinukot umano ng BHB si Ka Jovan upang iharap siya sa paglilitis dahil sa pagbibigay niya umano ng mahalagang impormasyon sa kaaway.


Samantala, sa kaugnay na balita, sinalakay ng isang platon ng BHB noong gabi ng Setyembre 19 ang Magdum Wood Corp. Industry sa San Isidro, Davao Oriental at nakakumpiska ng ilang malalakas na armas. Noong araw ding iyon, nireyd ng isang yunit ng BHB ang detatsment ng PNP sa Pantukan, Compostela Valley kung saan napatay ang isang pulis.

AB

Arturo Tabara, pusakal na kriminal at kontra-rebolusyonaryo

Si Arturo Tabara, pusakal na kriminal at kontra-rebolusyonaryo, ay nakatakdang arrestuhin ng isang espesyal na yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Setyembre 26 sa Quezon City alinsunod sa kautusan ng espesyal na hukumang bayan. Subalit dahil armando at nanlaban si Tabara, napilitang makipaglaban ang *arresting unit* ng BHB. Napatay sa engkwentrong ito si Tabara. Napatay din ang kasama niyang si Stephen Ong, na armando at nagtangkang magtanggol kay Tabara.

Ang espesyal na hukumang bayan ay binuo kamakailan upang litisin ang mga kasong kriminal na nakasampa laban kay Tabara, pinuno ng bandido at paramilitar na grupong



CAFGU-RPA-ABB. Si Tabara ay ipinadakip ng espesyal na hukumang bayan upang harapin ang mga kriminal na kasong nakasampa laban sa kanya.

Sadyang napakahaba na ng listahan ng mga kaso ni Tabara laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan, laluna mula nang itiwalag siya sa Partido noong 1992. Kabilang sa mga iniharap laban kay Tabara ay ang

pag-uutos ng pagholdap sa isang bangko sa Maninihon, Bayawan City, Negros Oriental noong Mayo 8, 2002 na ikinamatay ng apat na empleyado ng bangko. Ayon sa nakasampang reklamo, mismong si Tabara ang nag-utos sa mga tauhan ng CAFGU-RPA-ABB na isagawa ang panghoholdap na ito.

Noong Agosto 2003, may mga isinampa ring reklamo ng paglabag sa karapatang-tao laban kay Tabara ang mamaayan ng Panay. Nakadokumento ang iba't ibang mga kaso ng pananakot, pangingkil, sapilitang rekrutment sa CAFGU at iligal na pagtotroso. Pinanganlanan din sa naturang reklamo ang grupo nina Demetrio Capilastique (Hugo) at Rufino Cadugo (Rocky) ng CAFGU-RPA-ABB, na kapwa mga asset din ng Military Intelligence Group.

Pinangalanan din si Tabara sa mga reklamo ng panggigipit sa mamamayan ng mga tauhan ng CAFGU-RPA-ABB na nagsasagawa ng mga tsekpoyn at mga mapaminsalang operasyong militar sa maraming lugar sa Panay

kasama ang Philippine Army. Inireklamo na ang mga operasyong ito ay tuwirang awtorisado ni Tabara at bahagi ng kasunduan sa pagitan ng gubyernong Arroyo at ng CAFGU-RPA-ABB.

May nakasampa ring mga kaso ng armadong pangingikil laban kay Tabara. Sa mga reklamong naka-harap sa espesyal na hukumang bayan, si Tabara ay nagbigay ng tuwirang kautusan sa CAFGU-RPA-ABB na kumulekta ng hindi bababa sa ₱1,200 kada buwan sa bawat barangay na saklaw ng kanilang operasyon. Saklaw din ng ganitong kautusan ang paniningil sa bawat byahe ng mga magtotoreso sa Panay.

Si Tabara ay inirereklemo ding nagpagamit sa CAFGU-RPA-ABB bilang mga bayarang maton sa mga demolisyon sa Boracay Island, Malay, Aklan laban sa mga maralitang namamahay doon. May reklamo rin laban kay Tabara sa pagpapagamit niya ng kanyang mga armadong tauhan bilang mga bayarang mamamatay-tao at *goons* sa malalaking pulitiko at negosyante sa Negros at Panay tulad nina Edu-

ardo "Danding" Cojuangco, Gov. George Arnaiz ng Negros Oriental, Nene de la Cruz, dating alkalde ng Don Salvador Benedicto, Negros Occidental, Mayor Santiago Barcelon, Jr. ng Escalante, Negros Occidental at kay Congressman Ignacio Arroyo, bayaw ni Gloria Arroyo.

Ayon sa mga dokumentong hawak ng espesyal na hukumang bayan, pinagamit ni Tabara ang CAFGU-RPA-ABB kay Cojuangco sa paghahasik ng terorismo at panunupil laban sa mga magsasaka sa malalawak na plantasyon ng manga, *cassava* at mais sa Negros.

Inirereklemo rin si Tabara na nagbigay awtorisasyon sa kanyang mga tropa na patayin ang 70-taong-gulang na si Pedro Trabajador (Tay Pedring) noong Marso 1, 2002 habang papauwi sa Sityo Tanquinto, Barangay Mabini, Escalante City. Si Trabajador ay myembro ng National Federation of Sugar Workers na aktibong lumalaban sa malawakang pang-aagaw ng kampong Cojuangco sa lupa ng mga magsasaka sa lugar para sa pinalalawak nitong plantasyon ng kamoteng kahoy at mais.

Bukod sa Negros at Panay, ini-imbestigahan din ang mga reklamo na binibigyan ng armadong proteksyon ni Tabara ang Red Vigilantes Group, isang sindikato ng ilitgal na droga, *kidnap-for-ransom* at iba pang gawaing *gangster* sa Nueva Ecija.

Nakaharap din sa espesyal na hukumang bayan ang napakaraming reklamo ng mga gawaing kriminal at gangster laban kay Tabara noong siya'y nakapaloob pa sa rebolusyonaryong kilusan. Tampok sa mga ito ang pag-nananakaw ng mahigit ₱15 milyon noong 1990. Ayon sa imbestigasyon, ang perang ito ay nasa pangangalaga ng isang kaibigan tinyente-koronel ng AFP at kasalukuyang nakadeposito sa US.

Nakasampa rin sa espesyal na hukumang bayan ang reklamo ng pagkidnap kay Roger Florete, mayari at presidente ng Bombo Radyo-Philippines, noong 1989 sa Iloilo City. Ang pagkidnap kay Florete ay isinagawa ni Tabara kasabwat ni Romulo Kintanar. Nagbayad ng ₱15 milyon si Florete bago siya pinalaya. AB

Ang tambalan ni Tabara at ng reaksyunaryong rehimeng

Si Tabara ang tagapangulo ng kontra-komunistang RPMP-RPA. Itinatag niya ito makaraan siyang itiwalag sa Partido noong 1992 dahil sa kanyang mga kriminal na pananagutan laban sa Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Noong 1997, nagsanib sila ng pwersa ng ABB ni Nilo dela Cruz (alyas Sergio Romero) sa layuning labanan ang BHB at para sa pagpatuloy ng kanilang kriminal na gawain.

Tuwiran itong sinusuportahan at pinopondohan ng rehimeng Arroyo at inaarmasan ng AFP. Nag-sisilbi itong *private army* ni Eduardo "Danding" Cojuangco at iba pang malalaking asendero sa Neg-

ros. Nakipagkasundo ito noong Disyembre 2000 sa rehimeng Estrada at sa rehimeng Arroyo noong Pebrero 2001.

Ang tambalang Tabara-dela Cruz, suportado ng kriminal na sindikato ni Panfilo Lacson, dating hepe ng Philippine National Police, ang nasa likod ng pagpatay kay Filemon "Popoy" Lagman noong Pebrero 2001. Pinag-awayan nila ang P400 milyong suhol kay Lagman ng Public Estates Authority (PEA)-Amari para sa pagpapalayas sa libu-libong pamilyang maralita mula sa Freedom Island sa Parañaque.

Noong Pebrero 2001, sa pinirmahang "clarification docu-

ment" nina Tabara at ng rehimeng Arroyo, tinurang "espesyal na milisyaya" ang RPA-ABB at nakipagkoordinata sa AFP sa mga operasyon laban sa BHB. Para rito, pumayag ang rehimeng Arroyo na mag-isyu ng malalakas na armas sa RPA-ABB. Kalaunan, nakilala na ito bilang "CAFGU-RPA" sa ilalim ng 3rd Infantry Division ng AFP.

Bunga ng sabwatang ito, aktibo ang papel ng RPA-ABB sa pagpaslang sa mga cadre at kasapi ng Partido at BHB at sa malawakang dislokasyon at kahirapan ng masang magsasaka bunga ng mga operasyon militar na inilulunsad ng mga pinagsanib na pwersa ng RPA-ABB at AFP. AB

Pasistang dahas at panlilinlang, katambal ng imperialistang pagmimina sa Samar

Mula noong Hulyo, nag-ibayo ang militarisasyon sa mga bayan ng San Jose de Buan, San Jorge, Matuguinao, Oras, Paranas, Canavid, Motiong, Jibabong, Dolores at Maslog sa isla ng Samar. Ang huling apat na bayan ang may pinakamaraming ring kaso ng paglabag sa kapatang-tao ng mga magsasaka. Dito rin ang konsentrasyon ng mga pinaplanong operasyong pagmimina sa isla.

Mismong ang Armed Forces of the Philippines ang umaamin na ang matitinding operasyong militar ay *clearing operations* para sa mga binabalak na "proyektong pangkaunlaran" na walang iba kundi ang malawakang pagmimina sa isla na pangungunaan ng mga imperialistang korporasyon.

Nagsimula na ang aktibong ekplorasyon sa pagmimina ng Bauxite Resources, Inc., (BRI) at Alumina Mining of the Phil., Inc. (AMPI). Samantala, may 16 pang kumpanyang naghihintay na lamang na maaprubahan ang kanilang aplikasyong magsagawa rin ng ekplorasyon. Oras na maaprubahan ang lahat ng ito, sasaklaw ng 86,700 ektarya ang kanilang operasyon.

Noong 2003, mayroon ding 30 kumpanyang naghahpag ng aplikasyon para magmina sa 97,256 ektarya sa Leyte.

Saklaw ng BRI ang San Jose de Buan, Matuguinao, San Jorge at Gandara samantalang saklaw namang AMPI ang mga bayan ng Motiong, Hinabangan at Paranas, lahat sa Western Samar. Labindalawang libong ektarya ang kabuuang erya ng kanilang mga konsesyon.

Pinag-iinteresan ng BRI, AMPI

at iba pang aplikante ang *bauxite* na pinagmumulan ng mineral na *aluminum*. Nasa Samar ang pinakamaya-mang de-

posito ng *bauxite* di lamang sa Pilipinas kundi sa buong Asia. Mayroon ditong 242 mil-yong tonelada at konsentrado ito sa kagubatan at kaigangan (lugar ng matatalas na batong *limestone*) na nasa pusod ng Samar. Noong 2002, di bababa sa \$21 bilyon ang kabuuang halaga ng mga depositong ito, ayon sa konserbatibong pagtaya ng *World Metal Statistics*. Ginagamit ang *aluminum* sa paggawa ng mga eroplano, tren, kotse, barko, tangke at iba pang sasakyen, sa mga gamit sa pagluluto, mga pyesa ng makina, kable ng kuryente at iba pa.

Ngayon pa lamang ay nakikinita na ang pinsalang idudulot ng malawakang pagmimina sa isla. Una, isa sa karaniwang paraan ng pagmimina ng *bauxite* ay *strip mining* o paghuhukay ng lupa (sa halip na paggawa ng *tunnel*) para abutin ang mineral na relatibong mababaw lang ang pagkakabaon.

Wawasakin nito ang anumang nasa ibabaw tulad ng kaigangan, na hindu na kailanman maibabalik.

Mahirap na ring tubuan ng halaman ang anumang lugar na dinaanan na ng *strip mining* dahil nadadala sa paghuhukay ang pinakamasustansyang bahagi ng lupa.

Saklaw din ng 86,700 ektarya ang target ng mga aplikante sa pagmimina ang *headwaters* o pinagmumulan ng 25 mayor na ilog sa Samar. Kapag nagkaproblema sa polusyon ang mga ito bunga ng mga itatapong nakalalasong basura ng mga minahan, apektado hindi lamang ang mga ilog kundi ang mga lagusan nito—ang baybayin sa Pacific Ocean sa silangang bahagi ng isla, ang Samar Sea sa hilagang-silangan at ang Maqueda Bay sa timog-kanluran. Ang lahat ng ito ay mayor na mga pangisdaan sa Pilipinas at buong Asia.

Bukod sa dahas ng militarisasyon, ginagamit ng mga imperialista at reaksyunaryong estado ang mga grupo at programang umano'y nagmamasakit at nagtatanggol sa kapaligiran, tulad ng Samar Island Biodiversity Project (SIBP) para ilihis ang atensyon ng mamamayan ng Samar sa mahahalagang isyu kaugnay ng imperialistang pagmimina.

Ang SIBP ay programang itinatag noong Hulyo 2001 ng De-




partment of Environment and Natural Resources (DENR) sa tulong ng iba't ibang dayuhang ahensya tulad ng USAID at Rockefeller Group of Companies. Layunin umano ng SIBP na ipreserba ang 470,000 hektaryang kagubatan sa pinakasentro ng Samar na tinagurian nitong Samar Island National Park (SINP). Kapag naipatupad na ang SINP, palalayasin ang mamamayan nakatira at naghahanapbuhay sa naturang lugar, na sumasaklaw sa baha-bahagi ng 28 munisipalidad sa tatlong prubinsya ng Samar. Ni walang programa o pondo ang SIBP para punuan ang pangangailangan sa kabuhayan ng daan-daang libo kataong mapalilikas ng proyekto. Subalit nang maghahapag ng aplikasyon para sa Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) ang BRI at AMPI noong Mayo 2002, inapruba-han ito ng DENR noong taon ding iyon at walang kaabug-abog na ipinwera sa ipepreserbang kagubatan ang mga lugar na may pinakamatataas na konsentrasyon ng *bauxite*, kabilang na ang mga konsesyon ng BRI at AMPI.

Walang ngipin ang SIBP na tutulan ang mga planong pagmimina at tahasan na rin itong inutusan ng reaksyunaryong gubyerno na huwag pakialaman ang naturang mga plano.

Desidido ang bangkrap na rehimeng Arroyo na pag-ibayuhin ang pagmimina ng mga dayuhang korporasyon sa Pilipinas para may dagdag itong pwedeng mapagkunuan ng pondo. Kapalit nito ang sarisaring insertivo tulad ng mga *tax holiday* kung saan minimal lamang ang babayarang buwis ng mga kumpanya sa pagmimina sa loob ng hanggang 10 taon; karapatang magluwas ng 100% ng kanilang tubo at kapital; karapatan sa anumang tubig o trosong matatagpuan sa saklaw ng kanilang kunsesyon (*water and timber rights*); at kara-patang magpalayas sa sinumang naninirahan dito (*easement rights*).

Dahas at panlilinlang ang magkatuwang na sandata ng rehimeng Arroyo laban sa mamamayan sa imbing pakana nitong isubasta ang pambansang patrimonya sa mga dayuhan. Sa Samar at iba pang bahagi ng bansa na kasalukuyan nang sinasalanta o napipinto ang pananalasa ng mga imperialistang kumpanya sa pagmimina, walang ibang masusulingan ang mamamayan kundi ang mahigpit nilang pagkakaisa at puspusang paglaban. AB

Tanggalan sa Hacienda Luisita, nilalaban



Serye ng mga kilos-protesta ang isinalubong ng mga manggagawang bukid sa di makatarungang malawakang tanggalan sa Hacienda Luisita, Inc. (HLI). Ayon sa Alyansa ng mga Manggagawang-Bukid sa Hacienda Luisita (AMBALA) at lokal na unyon dito, 327 manggagawang bukid ang sinipa sa trabaho noong Agosto 26. Ikinakatwiran ng HLI na nalugi umano ang kumpanya noong 2002 at 2003 kung kaya kailangang tanggalin ang mga manggagawang bukid.

Nauna nang tinanggal sa trabaho ang siyam na lider ng unyon. Isinagawa ang pagsipa sa mga lider ng unyon isang buwan bago ang nakatakdang CBA nitong Setyembre upang pahinain ang unyong haharap sa pag-uusap.

Dinahas ng mga pulis at militar ang mga kilos-protestang isinagawa ng mga manggagawang bukid hinggil sa tanggalan. Tinirgas ng mga pulis ang mga nagrali noong Agosto 27. Kinasuhan naman ng Central Azucarera de Tarlac (CAT), isa pang kumpanya ng mga Cojuangco, ng *disturbance of public order, alarm and scandal, malicious mischief at trespass to property* ang 22 kasapi ng unyon nang magsagawa ang mga ito ng kilos-protesta sa loob ng kumpanya noong Agosto 30. Nakakatawa ang pagsasampa ng kasong *trespassing* sa mga manggagawang bukid na kunwa'y mga stockholder ng HLI ayon sa tusong pakanang Stock Distribution Option (SDO) at kung gayon ay mga may-ari ng kumpanya.

Dagdag sa panggigipit sa mga manggagawang bukid ang deployment ng Yellow Army sa loob ng asyenda. Ang Yellow Army ay binubuo ng mga gwardya ng HLI na tumatayong *private army* ng mga Cojuangco. Hinaharas at tinatakot ng mga ito ang mga manggagawang bukid at kanilang mga pamilya, at nilalabag ang kanilang mga karapatang-tao. Bukod pa sa Yellow Army, nakatayo rin sa apat sa sampung barangay sa

asyenda ang mga detatsment ng pulisya, militar at CAFGU na sangkot din sa paglabag sa karapatang-tao ng mga manggagawang bukid sa asyenda.

Mula noong 1989, umabot na sa 1,009 manggagawang bukid ang tinanggal sa trabaho sa Hacienda Luisita. Bukod sa malawakang tanggalan, malaon nang dinaranas ng mga manggagawang bukid sa 6,453 hektaryang Hacienda Luisita ang napakababang pasahod, pagbubuwag sa unyon at militarisasyon. Sa *privilege speech* noong Setyembre 6 ni Rep. Rafael Mariano ng Anakpawis, ipinahayag niyang tumatanggap ang mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita ng sahog-aliping ₱9 lamang bawat araw—malayung-malayo sa napakababa na ngang ₱280 minimum na sahog sa Central Luzon.

Ang SDO na kinakasangkapan ng mga Cojuangco ay lalo lamang nagpatindi sa kahirapan ng mga manggagawang bukid sa Hacienda Luisita. Ayon sa SDO, sa halip na ipamahagi ang lupa sa manggagawang bukid, sapi lamang sa sakahan ang ipamahagi sa kanila. Ayon sa SDO, *stockholder* ang mga manggagawang bukid ng 33% lamang ng HLI. Kontroladong-kontrolado pa rin ng malalaking panginoong maylupa tulad ng mga Cojuangco ang mga sakahan.

Ipinatutupad rin ng pamilyang Cojuangco ang patakarang “*no work, no stocks, no dividends.*” Kaugnay nito, pinagtatrabaho ang mga manggagawang bukid ng 80 araw lamang bawat taon.

Isinusulong ngayon sa Kongreso ng mga kinatawan ng mga progresibong partidong Anakpawis at Gabriela ang pag-iimbestiga sa SDO sa Hacienda Luisita.

Nagmartsa ang libu-libong manggagawang bukid noong Setyembre 15 at 16 mula Hacienda Luisita at nagsagawa ng *overnight vigil* sa Ninoy Aquino Plazauela. Tumungo sila sa *city hall* at *provincial capitol* kinabukasan. Naglabas ng resolusyon ang *provincial board* ng Tarlac na sumusuporta sa imbestigasyong isinusulong ng mga progresibong partido sa kongreso. Pinagpulong din ng *provincial board* ang mga manggagawang bukid at maneydsmen ng asyenda, subalit hindi sumipot ang HLI at ang DAR kahit pa napakalapit lamang sa kapitolyo ang upisina ng DAR.

Laganap na kagutuman at karalitaan sa bansa

Matagal nang nagdudumilat na katotohanan ang laganap na kagutuman at karalitaan sa bansa. Kaya hindi na kataka-taka ang resulta ng sarbey ng Social Weather Station (SWS) na nagsasaad na 15.1% o isa sa bawat pitong pamilyang Pilipino ang nakaranas sa nakaraang tatlong buwan (mula Hunyo hanggang Agosto) ng kahit isang pagkakataon na wala silang makain. Tumaas nang tatlong ulit ang bilang ng mga sumagot nito kung ikukumpara sa nakaraang taon.



Ayon sa sarbey, pinakamarami ang bilang ng mga gutom at maralita sa Mindanao (23%). Tumaas ito nang apat na ulit mula Setyembre 2003. Pumapangalawa ang Metro Manila (15.7%) kung saan mahigit doble ang inilaki ng bilang ng mga gutom at maralita mula sa 7.3% noong isang taon. Samantala, 11.3% ang pigura para sa buong Luzon (tumaas mula 4.7% noong 2003). Nagtala ng 13.3% ang Visayas, mula sa 4.3% noong isang taon.

Kung tutuusin ay mas mataas pa rito ang aktwal na mga pigura. Ayon sa ibang estadistika, umaabot sa 70% ng populasyon ng Pilipinas ang hindi kumikita nang sapat para masagot ang pinakabatayang mga pangangailangan nila sa buhay.

Lumabas ang resulta ng sarbey sa panahong tuluy-tuloy ang pagtaas ng presyo di lamang ng pagkain kundi ng iba pang batayang gastusin tulad ng bayad sa kuryente, tubig, LPG, gaas at pamahe.

Sa halip na harapin ang katotohanan na ang kanyang maka-imperialista at anti-mamayang mga patakaran ang siyang nagbubunsod ng pagkawasak ng mga produktibong powers, pagbagsak ng produksyon, pagkabaon sa depisit at utang, malawakang pagkalugi, at laganap na dis empleyo, karalitaan at kagutuman, ibinubunton ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang sisi sa rebolusyonaryong armadong kilusan ng BHB at mamayang Moro at sa mga panlabas na salik tulad ng bagyo at iba pang mga sakuna.

Plano ng rehimeng magpatupad ng mga pakonswelo-debobong tugon tulad ng pamimigay sa mga maralita ng *food coupons* o mga papeles na maaaring ipagpalit sa mga tindahan para makakuha ng rason ng pagkain. Ito ay pansamtala at pakitang-taong lunas lamang at hindi makasasapat sa matinding pangangailangan ng mamayayan.

Magpapatuloy ang paglala ng kagutuman at karalitaan sa bansa hangga't hindi naitatataag ang isang sistemang tunay na malaya, maunlad at mapagkalinga sa mamayayan.

AB

Sigaw ng mga taga-GSIS:

Patalsikin si Garcia!

Patuloy na iginigiit ng mga empleyado ng Government Service Insurance System (GSIS) ang pagtatsalsik kay Winston Garcia, presidente at *general manager* ng GSIS, dahil sa matinding katiwalian at pagkokopo niya ng malaking pakinabang mula sa pondo nito.

Kapit-tuko sa kanyang pusisyon si Garcia, sa kabilang sunud-sunod na mga piket-raling isinasagawa ng mga empleyado sa pamumuno ng Kapisanan ng mga Manggagawa sa GSIS (KMG) sa harap ng pambansang tanggapan ng GSIS sa Maynila mula nitong huling linggo ng Setyembre. Sa utos ni Garcia, tinirgas at binombahan ng tubig ang mga nagpoprotesta noong Setyembre 28 na ikinasugat ng 20 manggagawa. Pito sa kanila ang malubhang nasaktan.

Gayon na lamang ang galit ng mga taga-GSIS dahil sa kabilang ipinagmamalaki ni Garcia na kinitang ₱40 bilyon ng GSIS mula sa kontribusyon ng 1.5 milyong myembro nito, hirap na hirap umutang at tumanggap ng benepisyo ang mga ordinaryong empleyado ng gobyerno. Masahol pa, iniutos ni Garcia na palakihin mula 9% tungong 12% ang sapilitang kinakaltas sa sweldo ng mga kawani ng gobyerno na hulog sa GSIS kahit walang ipinatutupad na pagtaas sa sweldo.

Partikular na nagreklamo ang mga guro sa mga pampublikong paaralan, na bumubuo ng pinakamalaking bilang ng mga myembro ng GSIS. Umaabot sa ₱12 bilyon ang kontribusyon ng 500,000 guro at iba pang kawaning nagtrabaho sa mga pampublikong paaralan. Subalit ginagamit ngayong sangkalan ng GSIS ang di maayos na pagkakatala ng kanilang mga ihi-


nulog na sa GSIS at mga halang ibinayad na nila sa utang para harangin ang pagpapautang sa mga guro at noon-teaching personnel.

Sa kabilang banda, noong Nobyembre 2003, nakakuha ng ₱11 milyong utang para sa pabayad si Garcia pagkatapos lamang ng dalawang araw.

Sa unang 10 buwan pa lamang ng kanyang pag-upo sa GSIS, humingi na siya ng mga *cash advance* na nagkakahalagang ₱5.25 milyon, at hanggang ngayon ay wala pa siyang isinusumiteng palwanag kung papaano at saan ito ginastos. Mula Setyembre 2003 hanggang Hulyo 2004, nagpaluwaldin ng ₱6.9 milyon si Garcia para sa "sarisaring gastusin."

Nabunyag ang mga kwestyunableng proyektong pinaggagamitan ni Garcia ng pondong nagmula sa pinaghironan ng mga ordinaryong kawani. Isang halimbawa ang pag-apruba ni Garcia ng proyekto para sa *computerization* ng mga operasyon ng GSIS sa halagang ₱700 milyon samantalang pwedeng ipatupad ang naturang proyekto sa halagang ₱40 milyon lamang.

Gumagastos din si Garcia ng ₱300,000 buwan-buwan para sa mga patalastas para sa GSIS at ₱200,000 buwan-buwan bilang pambayad sa personal niyang mga abugado.



Inaprubahan ni Garcia ang pagpapautang sa Public Estates Authority ng ₱1 bilyon; ang paggastos ng ₱611.8 milyon para bumili ng lupa sa London para sa embahada ng Pilipinas doon; at ang pagbili ng mga mamahaling painting tulad ng Parisian Life ni Juan Luna na nagkakahalaga ng ₱45.4 milyon.

Pinakahulung anomalyang nabunyag ang pagpabor ni Garcia sa Union Bank, na pag-aari ng mga Ayala, bilang depositohan ng biyun-bilyong pondo ng GSIS. Ang mga Ayala ay kilalang mga tagasupporta ng naghaharing paksyon Arroyo.

Hindi basta-basta bibitawan ni Arroyo si Garcia. Kabilang si Garcia sa isang makapangyarihang angkan ng mga pulitiko sa Cebu, na nagkaroon ng malaking papel sa pagkakakuha umano ni Arroyo ng milyong boto mula sa prubinsyang iyon at naging susi sa pagkapanalo niya umano sa eleksyon. Sa gayon, ang patuloy na pagpapatili ni Garcia sa poder ay bahagi ng pagbabayad ni Arroyo ng utang na loob sa mga Garcia.

Natatakot din si Arroyo na kung patatsikin niya si Garcia, ibubunyag nito ang pagkakasangkot ni Arroyo at ng mga taong malapit sa kanya sa kwestyunable at maanomalyang mga transaksyon na kinasasangkutan ni Garcia at ng GSIS.

AB

Pagbabayaran ng rehimeng Bush ang pananalakay at pananakop nito sa Iraq

Walang batayan, iligal at mali ang pananalakay at pananakop ng imperialis-tang US sa Iraq. Muli na naman itong nabigyang-diin sa harap ng nahuhuli ngunit walang paliguy-ligoy na mga pahayag ng pagtutol ng United Nations, mga personalidad at mga bansa na noo'y nanahimik kung hindi man sumu-porta sa pananalakay ng US sa Iraq.

Sa harap nito, hindi humingi ng paumanhin ni umamin ang tutang rehimeng Arroyo sa pagkamali nitong suportahan ang isang gerang pumatay at puminsala ng milyun-milyong sibilyan at sumira sa buhay at kabuhayan ng isang nagsasariling bansa.

Mahigit isang taon na ang nakararaan mula nang salakayin ng US ang Iraq. Bago pa man bumagsak ang unang bomba, tampok na ang matinding pagtutol ng napakaraming bansa at mamamayan dito. Nitong Setyembre 6, pinang idineklara ng US *weapons inspection team* na walang *weapons of mass destruction* ang Iraq noong 2003 at na "nagkamali ang mga tekniko sa pagtukoy ng mga ebidensya at humalaw sila ng mga maling kongklusyon". Bago ito, idineklara na ng UN na iligal at unilateral ang ginawang pagsalakay sa Iraq. Maging si Tony Blair, prime minister ng United Kingdom at pinakamasugid na tagasuporta ni Bush sa pananalakay sa Iraq ay umaming hindi naging sapat ang mga batayan ng pagsugod nila sa Iraq.

Sa loob ng US, patuloy na nadidiin ang kasibaan ng mga monopolyong korporasyon, mga korporasyon ng langis at ng padri-

no ng mga ito na si Bush bilang pangunahing dahilan ng pananalakay at pananakop ng Iraq. Makailang beses nang napasinungalingan ang mahinang pag-dahilan ni Bush na mayroong *weapons of mass destruction* ang Iraq, na kinakanlong nito si Osama bin Laden at iba

pang operatiba ng Al Qaeda, na si Saddam Hussein ay demonyong nagkatawang-tao at iba pa.

Lumalakas ang disgusto ng mamayang Amerikano sa papalaking bilang ng mga napapatay at nasusugatang mga sundalo, litaw na mga kapalpakan ng kanilang sistema ng paniktik at kaliwa't kanang pagsisinungaling ng rehimeng Bush. Hindi na rin maitago ng rehimen ang bangis at dahas ng pananalakop nito sa Iraq. Habang tumatalog, lalong nagging malupit ang mga pamamaraan at taktika ng mga naiipit na pwersang Amerikano sa Iraq. Lalo naman nitong pinag-aalab ang galit at pagkasuklam ng mamayang Iraqi sa kanila.

Ang tanging pumipigil sa mamayang Amerikano na ibasura ang rehimeng Bush at ang mga ultra-Kanang patakaran nito ay ang paninindak at nitikha nitong takot kaugnay ng diumano'y palagiang nakaambang pagsalakay ng mga terorista sa US. Kung lalabanan ito ng mas maraming mamayang



Amerikano, maaaring maibasura ang rehimeng Bush sa darating na eleksyon. Maaaring sa eleksyon mapatampok ng mamayang kanilang pagtutol at pagkundena sa imperialis-tang pananalakop sa Iraq. Maihalalintulad ito sa umingawngaw na pagkatalo ng rehimeng Aznar ng Spain noong nakaraang taon nang ibasura ng mamayang Spanish si Jose Maria Aznar at ang partido nito sa eleksyon. Isang araw bago ang eleksyon, binomba ng al Qaeda ang ilang tren sa Madrid bilang pagpakita ng pagtutol sa pagsuporta ni Aznar sa gera ni Bush.

Habang papalapit ang eleksyon sa US, marami pang kasinungalingan ang mabubunyag at tatampok. Masusubok ang rehimeng Bush at malalagay sa alanganin ang pagpapatuloy ng paghahari nito. At habang nahaharap ito sa kawalang-katiyakan, nanganganib na mawala ang sinasandalang pader ng mabubuway na mga tutang rehimeng nito katulad ng rehimeng Arroyo.

Patung-patong na kaswalti ng US sa Iraq

Umabot na sa 1,055 sundalong Amerikano ang namamatay sa Iraq mula nang magsimula ang gera noong Marso 2003 hanggang Oktubre 4 ngayong taon, ayon sa Pentagon. Umaabot na rin sa 7,245 ang sugatan doon pagsapit ng Setyembre 15.

Di pa kabilang dito ang aabot sa 16,765 sundalo na pinalikas dahil sa sarisaring sakit. Hindi sila ini-uulat ng Pentagon bilang mga kaswalti dahil wala raw direktang kinalaman sa kombat ang kanilang mga karamdaman. Kabilang dito ang 5,375 na nagkaroon ng diperensya sa pag-iisip. Ayon sa isang pag-aaral ng militar sa lumabas sa *New England Journal of Medicine* noong Hulyo, aabot sa 16% ng mga sundalong nanggaling sa Iraq ang maaaring dumanas ng *major depression, generalized anxiety* o *kaya post-traumatic stress disorder* at iba pang mga sikolohikal na karamdaman.

Noong Agosto, umabot sa 87 ang abereyds na bilang bawat araw ng mga atake laban sa mga pwersa ng US—ang pinakamataas na pigura mula nang i-anunsyo noong Mayo 2003 ni Presidente George W. Bush ng US ang katapusan umano ng gera sa Iraq. Mula nitong Hulyo, palawak na rin nang palawak ang eryang pinangyayarihan ng mga atakeng ito.

Nitong Setyembre, sunud-sunod na mga pam-bomba at pang-aambus ang inilunsad ng mga gerilyang Iraqi. Isang halimbawa lang dito ang *suicide bombing* noong kalagitnaan ng Setyembre na tumarget sa dalawang sasakyang may lulang mga sundalong Amerikano. Pitong tropa ng US ang namatay.

Tanda ng kanilang desperasyon, buong bangis namang sumasalakay ang mga sundalong Amerikano, laluna sa mga bayan ng Fallujah, Ar Ramadi, Baqubah at Samarra dahil itinuturing itong balwarte ng mga gerilyang Iraqi.

Sa Fallujah, di bababa sa 11 katao ang namatay sa dalawang *airstrike* na inilunsad ng mga tropang Amerikano nitong Oktubre 4. Sa unang *airstrike*, siyam na tao ang namatay, kabilang ang tatlong babae at apat na bata. Labindalawa rin ang nasugatan, kabilang ang anim na babae at tatlong bata. Dalawa pang tao ang namatay sa ikalawang *airstrike*.

Sa Samarra, 70 katao na ang namamatay mula nang sumiklab ang matinding labanan noong Oktubre 3. Karamihan ng mga namatay ay mga ordinaryong sibilyan. Dalawampu't tatlo sa kanila ay mga bata at 18 ang kababaihan.

Di bayad na "cash advances" ni Arroyo, tinuligsa

TINULIGSA ni Rep. Crispin Beltran ng Anakpawis ang iskandalosong laki ng mga "cash advance" ni Gloria Macapagal-Arroyo na hindi pa naipapaliwanag hanggang ngayon kung saan at paano na-gastos. Batay sa ulat ng Commission on Audit (COA), ang Office of the President ay mayroong P626 milyong *unliquidated cash advances* mula 2001 hanggang 2003. Lampas ito sa rekord ng alinmang pangulo ng bansa mula kay Ferdinand Marcos hanggang kay Joseph Estrada at di hamak na mas malaki kaysa sa pinagsama-samang *unliquidated cash advances* ng lahat ng dating presidente mula 1965.

Ayon sa ulat ng COA, ang kabuuang *unliquidated cash advances* ng mga dating presidente ay umaabot lamang sa P159 milyon: Marcos, P41 milyon; Corazon Aquino, P11 milyon; Fidel Ramos, P55 milyon; at Joseph Estrada, P50 milyon.

Mga upisyal ng Davao City, tutol sa panibagong Balikatan

KOLEKTIBONG nagpahayag ng kanilang pagtutol sa panibagong Balikatan ang 133 sa 180 kapitan ng barangay sa tatlong distrito ng Davao City noong Setyembre 22. Inihapag nila ang kanilang manipesto ng pagtutol sa Sangguniang Panlungsod.

Ang gayong kauna-unahang pagpapahayag ng mga lokal na upisyal laban sa Balikatan ay sinaksihan ni Ret. Capt. (PN) Danilo Vizmanos, convenor US Troops Out Now at Junk VFA.

Ayon sa mga lokal na upisyal, ang mga sundalong Amerikano ay maghahasik lamang ng gulo at mag-uudyok ng mga protesta at teroristang atake. Anila, walang silbi sa mamamayan ang pinagsanib na pagsasanay-militar ng US at Pilipinas.

Balak na ilunsad ang Balikatan sa mabundok na Marilog district ng Davao City sa susunod na taon. Lalahok dito ang 4,000 sundalong Amerikano at Pilipino at tatagal ito nang tatlo hanggang apat na linggo.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 19

Oktubre 7, 2004

www.philippinerevolution.org

Editoryal

Paiigtingin ng Bagong Hukbong Bayan ang mga armadong opensiba

I lulunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang paparaming mga armadong opensiba laban sa rehimeng US-Arroyo. Ito ang sagot ng BHB sa panawagan ng Komite Sentral na paigtingin ang armadong rebolusyon bilang tugon sa walang kapantay na krisis na kinasasadalanan ngayon ng bansa. Ito rin ang

tugon ng BHB sa mahigpit na kahilingan ng mamamayan na parusahan ang rehimeng Arroyo.

Mismong ang rehimeng US-Arroyo ang nagtutulak sa mamamayan sa landas ng rebolusyon. Walang hangganan ang pagpapakatuta nito sa imperyalismong US. Masugid nitong ipinatutupad ang pinaka-masasahol na patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon.

Kasabvat ito ng malaking dayuhang korporasyon na tuluy-tuloy na pumipiga ng supertubo mula sa naghihirap na mamamayan. Inilalantad nito ang sari-ling baho at kabulukan sa walang tigil na girian sa kanilang hanay at serye ng nabubunyag na mga anomalya at kurakutan. Hangal ni-tong sinusuportahan ang imperyalistang agresyon at bukambibig nito ang litanyang "gera konterorismo" ng US upang bigyang-katwiran ang pasistang pananalakay nito sa mamamayan at imbitahan ang panghihimasok ng US sa bansa.

Tiyak ang paglakas ng kilusang masa ng mamamayang wala nang masusulingan kundi ang kumilos at lumaban. Yayanigin nito sa kaibuturan ang dati nang mabuway na paghahari ng rehimeng US-Arroyo. Kasabay nito, maglulunsad ng paparami, papatindi at mas madalas na mga taktikal na opensiba ang BHB bilang suporta sa paghihiwalay at pagpapabagsak ng rehimen.

Palalawakin at paiigtingin nito ang pakikidigmang gerilya upang abutin ang mas maraming distrito



Mga tampok sa isyung ito...

Arturo Tabara, pusakal na kriminal at kontra-rebolusyonaryo

PAHINA 3

Dahas at panlilinlang, katambal ng pagmimina sa Samar

PAHINA 5

Pagbabayaran ni Bush ang gera sa Iraq

PAHINA 9

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang sinundang pahina, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:

 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com